# Inobatibong Gawain sa Pagtuturo ng Pananaliksik

**RACHEL R. SANCHEZ**
Department of Education (DepEd)
E-mail: rachel.sanchez1191@gmail.com

**ABSTRACT**

Iminungkahi ng pag-aaral na ito ang mga inobatibong gawain na magagamit sa pagtuturo sa asignaturang pananaliksik. Ang disenyong deskriptib ang ginamit sa pagsagawa ng pag-aaral na ito upang mailarawan ang tinutukoy na salik ng mga suliranin. Ginamit sa pamamaraang ito ang likert scale survey questionnaire na masusing sinuri ng dalubhasa sa asignatura. Ang mga respondante binubuo tatlumpung (30) guro na nagtuturo ng pananaliksik sa Mother High Schools sa Dibisyon ng Pangasinan II. Sa kabuoang katanggapan ng mga respondanteng guro sa Mga Inobatibong Gawain sa Pagtuturo ng Pananaliksik, lumabas na ito ay may kabuoang 4.49 na weighted mean mula sa limang krayterya at ito ay nangangahulugang mataas na pagtanggap. Ang mga nabuong inobatibong gawain ay nakabatay sa curriculum guide ng asignaturang komunikasyon at pananaliksik sa senior high school. Lumabas sa resulta na ito ay malaking tulong sa mga mag-aaral at mga guro upang magkaroon ng makabuluhang pagtuturo at pagkatuto sa pananaliksik. Nakatutulong ang mga inobatibong Gawain na ito na mailabas ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan at kakayahan na kinakailangan sa ika 21 siglo.

***Keywords:*** *Inobatibong Gawain sa Pananaliksik*

## Introduksyon

Isa sa hamon sa ika-21 siglo sa larangan ng edukasyon ay ang pagkakaroon ng holistikong pagkatuto ng mga mag-aaral. Kailangang mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng nagbabagong panahon. Ang pagkakaroon ng mga asignaturang pananaliksik sa senior high school ay higit na nakatutulong sa mga mag-aaral upang mahasa ang kanilang kakayahan sap ag-iimbestiga at paghahanap ng mga solusyon sa mga suliraning kanilang maaaring maranasan sa realidad ng buhay. Malaki ang papel na ginagampanan ng pananaliksik sa mundo, sa bansa, sa pamayanan, sa komunidad at sa sarili. Nakatutulong ang pagsasagawa ng pananaliksik upang mapaunlad ang buhay ng mga tao. Sa pamamagitan ng pananaliksik ay nagkakaroon ng iba’t ibang imbensyon gaya ng mga teknolohiya na nakatutulong sa pagpapagaan sa buhay at trabaho ng mga tao. Sa pamamagitan din ng pananaliksik, nakadidiskubre ang tao ng mga maaaring lunas sa mga umiiral na sakit na maaaring makaharap ng mga tao. Nakalilikha rin ng mga bagay na magiging solusyon sa inaakalang problema na walang solusyon. Upang malinang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

ang ganitong kakayahan, kailangang maituro sa mga mag-aaral an gang pagsasagawa ng pananaliksik.

Ang pagtuturo ng pananaliksik ay hindi madali, nangangailangan ito ng sapat na kaalaman, kasanayan at higit sa lahat ay karanasan sa nasabing asignatura upang maipaintindi ito sa mga mag-aaral. Bilang hamon ng umuusbong na panahon, ang asignaturang pananaliksik ay isinali sa kurikulum ng kagawaran ng edukasyon particular na sa senior high school. Sa pamamagitan nito maagang nahahasa ang kakayahan ng mga mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Mahalagang ang guro na nagtuturo ng pananaliksik ay may sapat na kakayahan, kaaalaman at karanasan sa nasabing asignatura. Kinakailangan ding gumamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik upang ito ay maging buhay, kawili-wili at makabuluhan.

Hinihingi ng pangkasalukuyang kalakarang pang-edukasyon ang higit na pagbibigay-tuon sa paglinang ng mga kasanayan at kakayahang makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na maging produktibong indibidwal at magkaroon ng masaya at makabuluhang buhay sa hinaharap. Nakaangkla ang ganitong pananaw sa nangingibabaw na kalakarang global sa edukasyon na pinaniniwalaang dapat nakatulong sa paglikha ng mga mamamayang may kakayahang umagapay sa mabilis na nagbabagong kapaligiran, makabagong teknolohiya, rebolusyong intelektwal at interdependent na ekonomiya. Galgo (2011)

Malaki ang papel na ginagampanan ng edukasyon sa pag-unlad ng isang bansa. At dahil sa paaralan nakabatay ang mga inaasahan at mithiin ng mga mamamayan patuloy na nababago ang sistema nito dahil naiimpluwensyahan ng patuloy na pagbabago ng panahon. Ang antas ng kahusayan ng alinmang paaralan ay nakasalalay sa pagganap ng mga guro sa pagtuturo. Binigyang diin din ni Brain (1996) na ang susi sa lahat ng suliranin sa mabisang pagtuturo ay ang guro. Kumbaga sa isang manggagamot, nararapat pulsuhan ng guro ang kanyang mga mag-aaral, damahin at pakinggan ang tibok ng kanilang puso, pag-aralan ang sanhi ng kanilang karamdaman bago lapatan ng kaukulang lunas. May iba't ibang papel na ginagampanan ang guro sa pagtuturo, bilang tagapayo, patnubay, tagapangasiwa, kapatid, kaibigan, magulang at iba pa. Kaya malaki ang impluwensya ng isang guro sa paglinang ng kakayahan ng mag-aaral, lalo na sa panahon ng kanilang kabataan. Ang iba't ibang oportunidad ay maaaring ilaan ng guro tungo sa kabuuang paghubog sa katauhan ng isang bata sa aspektong pisikal, mental, emosyonal at sosyal. Ito ay nagsisilbing tungkuling dapat gampanan ng isang guro sa pagkatuto ng mga kabataan. Sa isang banda, dahil sa ang pagtuturo ay isang komplikadong gawain, mahalaga ang kahandaan ng guro sa propesyong ito. Bagamat, hindi lamang guro ang tanging baryabol sa ekwasyong pagtuturo - pagkatuto, ang mga guro ay nakapag-aambag ng pagbabago sa katauhan ng mag-aaral. Sinasabi nga na ang mabisang pagtuturo ay hindi namamanang kapangyarihan, manapa, ito ay bunga ng matinding pag-aaral at masiglang pagtupad sa tungkulin (Hunter, 1989).

Isa sa mahalagang kaagapay ng mga guro sa pagtuturo ay ang pagkakaroon ng isang maayos na kagamitang pampagtuturo. Ito ang magsisilbing daan upang maipakita at maitawid ng

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

guro ang pagtuturo kasama na ang pagkakaroon ng mabisang estratehiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng kagamitang pampagtuturo ay isang mahalagang bagay sapagkat isa ito sa bumubuhay sa proseso ng pagtuturo, sa pamamagitan din nito'y napupukaw nito ang interes o kawilihan ng mga mag-aaral na siyang dahilan upang ang mga ito ay magkaroon ng pokus sa paksang tinatalakay.

Isang mahalagang aspeto ng pag-aaral sa senior high school ang kaalaman ng mag–aaral sa pananaliksik. Itinatadhana ng Kagawaran ng Edukasyon para sa iba't ibang Track at ang pagkakaroon ng mga asignaturang pananaliksik upang lubusang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gawaing ito. Kalakip nito ay magtatakda rin ang mga pinunong pampaaralan ng mga gurong magtuturo ng ganitong asignatura. Ang pananaliksik ay nakalakip sa iba't ibang asignatura ng Senior High School gaya na lamang ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, Reading and Writing, English for Academic Purposes, at Inquiries Investigation ang Immersion. Isa ang pananaliksik sa pangangailangan ng ika-21 siglo, inihahanda nito ang mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng global na kompetisyon.

## Kaugnay na Literatura

Ang pangunahing tungkulin ng guro ay ang pagtuturo dahil ang pagiging malikhain ay nagbubunga ng isang mabisang pagtuturo. Sa pagtuturo ng isang aralin, ang guro ay karaniwang naghahanda ng mga manwal para sa kaniyang kalipunan ng mga araling itinuturo nito. Kabilang dito ang aklat, banghay-aralin, silabus, workbook, mga hand-awts, artikulo, pahayagan, dyornal, modyul, pagsusulit, tsart, plaskard, at iba pang uri ng paskilan, mga panturong yunit, takdang aralin at iba pang babasahing maaaring makatulong sa kaniyang pagtuturo. Mahalaga na ang guro ay marunong maghanda ng mga kailangan niyang kagamitan upang matugunan ang pangangailangan ng kaniyang mga tinuturuan. (Sibayan et. al., 2017).

Isang gabay na alituntunin na may kaugnayan sa nilalaman ng paksa ay upang obserbahan ang balidity nito, nangangahulugan ito ng pagtuturo sa nilalaman na dapat nating turuan alinsunod sa pamantayan na malinaw na nakalahad sa K-12 Basic Education Curriculum; nangangahulugan din ito ng pagtuturo sa nilalaman upang maunawaan ang layunin ng kurso na nailatag sa basic education curriculum. (Principles of Teaching 1, 4th Edition na isinulat nina Corpuz at Salandanan (2015) pahina 63-64, Selection and Organization of Content).

Ayon kay Belvez (2004), ang isang guro ay nagsisikap na magkaroon ng baryedad ng mga gawain sa klase upang maiwasan ang pagkainip o pagkabagot, pagkasawa at panlalamig na sigasig ng mga mag-aaral. Ang mga gawaing ito ay may iba't ibang antas at may iba't ibang uri na binatay sa kakayahanng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito nagkakaroon ang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 3, ISSN: 2782-893X

mga mag-aaral na pumili ng mga gawain upang maipahayag niya ang kanyang kaalaman at abilidad.

Ang pag-uugnay-ugnay ng mga gawain ay nagdudulot ng maayos, madali, makahulugan, at mabisang pagtuturo at pagkatuto; Nag-aambag ito ng iba't ibang karanasan sa sa mga mag-aaral tungo sa pagtamo nila ng mgaminimithing kaalaman, pagkamit ng kasanayan at pagpapahalaga sa kanilang sarili at kapiligiran; Nagkakarooonng tiwala sa sarili ang mag-aaral at guro sapagkat may direksyon ang pagtuturo at pagkatuto; Nagkakaroon din ang mga guro ng kawilihan, magaan at sistematikong pagtuturo; Nababawasan ang pagiging dominante ng guro sa pagsasalita o pagtalakay ng aralin sa loob ng silid-aralan, Abad at Ruedas (2001).

Ayon kay Kornhaber (2004), naiisakatuparan ng Multiple Intelligence ni Dr. Howard Gardner sa paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral na magpahalaga at magtamo ng kaparaanan para sa pagpapahayag ng kanilang mga saloobin, kuro-kuro at damdamin ganun na din sa mga ideyang mayroon sila base sa kanilang mga nalalaman na naitulong ng teknolohiya. Lipas na ang panahon ng pagtuturo ng nakabatay sa mga teksbuk lamang. Ngayon ang simula ng pagtuturo ng mga guro ng ayon sa kaalaman nila na angkop sa makabagong panahong kanilang ginagalawan. Umusbong ang mga makabagong mga kagamitan na makatutulong sa mga guro upang makapagturo nang maayos. Magamit ang mga makabagong dulog at istratehiya na tutugon na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

## Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ayon sa disenyo ng pamamaraang deskriptib upang mailarawan ang resulta ng suliranin. Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral ay isinagawa sa pamamagitan ng likert scale survey questionnaire na naglalayong makahanap o makakalap ng datos upang malaman ang kahusayan at katanggapan ng mga inobatibong gawain sa pananaliksik. Ang ginawang kwestyuner ay sinuri ng tatlong propesor sa Urdaneta City University (Graduate School) na dalubhasa sa nasabing disiplina. Nangalap din ng impormasyon ang mananaliksik sa iba't ibang hanguan tulad ng mga aklat, artikulo, at pamanahonang papel. Ang mga naging resulta ng pangangalap ng datos ay masusing sinuri at inalisa upang maging balido. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga Mother High School sa Pangasinan II Division. Ang mga gurong nagtuturo ng pananaliksik ang nagsilbing respondante ng pag-aaral. Ang mga respondante ay may kabuuang bilang na tatlumpu (30).

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

## Resulta at Pagtalakay

**Talahanayan 1. Basehan sa Pagbuo ng mga Inobatibong Gawain**

| INDICATORS | WM | DE |
|---|---|---|
| 1. Nakabatay sa Curriculum Guide ng Department of Education (Deped) ang mga nilalaman | 5.00 | Lubhang Inobatibo |
| 2. Nalilinang ang kakayahan sa ICT ng mga mag-aaral | 5.00 | Lubhang Inobatibo |
| 3. Ang mga gawain ay humahamon sa sa kakayahan ng mga mag-aaral | 5.00 | Lubhang Inobatibo |
| 4. Nagtataglay ng iba't ibang istratehiya | 5.00 | Lubhang Inobatibo |
| 5. Nagtataglay ng mga mahahalagang impormasyon | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| 6. Nagpapaunlad sa aspetong moral, sosyal, mental, ispiritwal at intelektwal ng mga mag-aaral | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| 7. Sistematikong nakaayos ang mga impormasyon at mga gawain | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| 8. Nagtataglay ng mga gawaing nakapanghihikayat ng interes | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| 9. Nagtataglay ng malinaw na panuto o instruksyon | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| 10. Paggamit ng mgalarawan at rubric sa mga gawain | 5.0 | Lubhang Inobatibo |
| Overall Weighted Mean | 5.00 | Lubhang Inobatibo |

Sagisag:

| Statistical Range | Descriptive Equivalent (DE) |
|---|---|
| 4.20-5.00 | Lubhang Inobatibo |
| 3.40-4.19 | Inobatibo |
| 2.60-3.39 | Katamtaman ang pagiging Inobatibo |
| 1.80-2.59 | Bahagya ang pagiging Inobatibo |
| 1.00-1.79 | Hindi Inobatibo |

Ipinakita sa unang talahanayan na ang basehan sa pagbuo ng mga Inobatibong Gawain ay may overall weighted mean na 5.00 na siyang sinundan ng mananaliksik sa pagbuo ng mga nasabing gawain. Ang basehang ito ay masusing sinuri ng tatlong guro na dalubhasa sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at Pananaliksik.

Ang sumusunod na sagisag ay ang ginamit sa lahat ng mga sumusunod pang talahanayan

Sagisag

| Statistical Range | Descriptive Equivalent (DE) |
|---|---|
| 4.50-5.00 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 3.50-4.49 | Mataas na Pagtanggap |
| 2.50-3.49 | Katanggap-tanggap |
| 1.50-2.49 | Bahagyang katanggap-tanggap |
| 1.00-1.49 | Hindi Katanggap-tanggap |

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 3, ISSN: 2782-893X

Talahanayan 2. Katanggapan ng Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro sa Krayteryang Nilalaman (Content)

| INDICATORS | WM | DE |
|---|---|---|
| 1. Ang mga gawain ay naglalaman ng batayang pangangailangan sa asignatura at mga bagong impormasyon na kinakailangan malaman ng mga mag-aaral. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga gawain ay nakakatulong sa mag-aaral na mas lalong mapaigting at mapalawak ang kanilang kaalaman hinggil sa asignatura. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 3. Ang nilalaman ng mga gawain ay interesting o akma sa panlasa ng guro at mag-aaral. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga gawain ay nakabatay sa kawilihan, suliranin at pangangailangan ng mga mag-aaral. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 5. Ang mga gawain ay sumasaklaw sa layunin ng bawat paksang tatalakayin. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 6. Ang mga gawain ay kailangang malinaw na nakaugnay at nakaayon sa kurikulum na ginagamit upang maisakatuparan ang mga layunin sa pagkatuto. | 4.83 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 7. Nagtataglay ang mga gawain ng mga pag-unlad ng mga aspetong sosyal, moral, mental, emosyunal at ispiritwal ng mga mag-aaral. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 8. Ang nilalaman ng mga gawain ay kinapapalooban ng mga nararapat na matutunan at saloobin sa asignatura. | 4.33 | Mataas na pagtanggap |
| 9. Ang mga panuto sa mga gawain ay malinaw na nailalahad at madaling maunawaan ng mga guro at mag-aaral. | 3.67 | Mataas na pagtanggap |
| 10. Ang mga gawain ay nahahati sa tiyak na panahong saklaw ng pagtuturo o may sapat na panahon ang mga mag-aaral na isagawa ang mga gawain. | 3.50 | Mataas na pagtanggap |
| Overall Weighted Averge 4.58 Lubhang Katanggap-tanggap | | |

Sa kabuoan ng krayteryang nilalaman (content) ito ay may overall weighted mean na 4.58 na na may descriptive equivalent na lubhang katanggap-tanggap. Nangangahulugan lamang ito na ang krayteryang nilalaman (content) ay nakasunod sa standard ng kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon. Ito ay pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral, ipinapakita ang realidad ng buhay, sumasaklaw sa itinakdang panahon ang mga aralin at gawain, at napalalawak nito ang kaisipan ng mga mag-aaral.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 3, ISSN: 2782-893X

Talahanayan 3. Katanggapan ng Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro sa Krayteryang Organisasyon (Organization)

| INDICATORS | WM | DE |
| --- | --- | --- |
| 1. Ang mga gawain ay lohikal na nakahanay | 5.0 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Madaling masundan ng mga mag-aaral ang daloy ng mga gawain | 5.0 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 3. Akma ang mga pagkakasunod-sunod ng mga layunin sa bawat aralin | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 4. Malinaw ang paggamit ng mga panandang salita upang makita ang pagkakasunod-sunod ng mga gawain | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 5. Malinaw na nakaayos ang mga gawain sa bawat aralin | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 6. Malinaw ang pagkakalahad ng mga impormasyon sa bawat gawain | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 7. Ang mga gawain ay kayang gawing mag-isa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga panutong inilahad | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 8. Ang mga gawain ay mahusay na nakaayos ayon sa nilalaman ng curriculum guide ng komunikasyon at pananaliksik | 4.83 | Mataas na pagtanggap |
| 9. Organisado ang nilalaman ng bawat gawain | 4.83 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 10. Napag-ugnay-ugnay ng mga gawain ang mga impormasyon | 3.83 | Lubhang katanggap-tanggap |
| Overall Weighted Averge | 4.85 | Lubhang Katanggap-tanggap |

Lumabas sa ikalawang talahanayan na ang krayteryang Organisasyon ay may overall weighted mean na 4.58 na may descriptive equivalent na lubhang katanggap-tanggap. Ipinakita sa talahanayan na ang mga inobatibong Gawain na nabuo ay malinaw at lohikal na nakahanay, gumamit ng mga panandang salita, napag-ugnay-ugnay ang mga gawain ayon sa lalim nito, at nakaayon sa nilalaman ng curriculum guide ng asignaturang komunikayon at pananaliksik para sa mga mag-aaral ng senior high school.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Talahanayan 4. Katanggapan ng Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro sa Krayteryang Kagamitan (Usefulness)

| INDICATORS | WM | DE |
|---|---|---|
| 1. Ang mga gawain ay nakakatulong sa guro na mahikayat ang mag-aaral na magbahagi ng kanilang kaalaman at talento. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 2. Malaking tulong sa mga guro ang mga gawain upang mahimok ang mga mag-aaral na maglaan ng oras sa kanilang pag-aaral. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga gawain ay nakakatulong sa guro na makuha ang interes ng kanyang mag-aaral. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga inobatibong gawain ay angkop sa mga kagamitang ginamit sa pagtuturo. | 5.0 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 5. Nanghihikayat ang mga mag-aaral na maging lalong aktibo dahil sa ito ay angkop sa kanilang interes o panlasa. | 4.67 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 6. Ang mga inobatibong gawain ay nakagaganyak sa mga mag-aaral na mag-aral mag-isa. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 7. Ang inobatibong gawain ay nakakapang hikayat sa interes ng mag-aaral sa kanilang pag-aaral. | 4.17 | Mataas na Pagtanggap |
| 8. Ang mga gawain ay nakakatulong sa mag-aaral upang maunawaan nya at makaugnay sa mundong kanyang ginagalawan. | 3.83 | Mataas na Pagtanggap |
| 9. Ang konsepto at prinsipyo ay mahirap maunawaan sa tulong ng kagamitang pampagturo. | 3.67 | Mataas na Pagtanggap |
| 10. Ang mga gawain ay may angkop na Istratehiya upang matamo ng guro ang kanilang nilalayon sa kanilang mag-aaral. | 3.33 | Katanggap-tanggap |
| Overall Weighted Averge | 4.42 | Mataas na Pagtanggap |

Sa resulta ng talahanayan na ang krayteryang Kagamitan (usefulness) ay may overall weighted mean na 4.42 na may descriptive equivalent na mataas na pagtanggap. Ang mga nabuong inobatibong Gawain sa pananaliksik ay malaking tulong para sa mga guro upang mas lalong mahikayat at mahimok ang mga mag-aaral upang maging aktibo ang mga ito sa pakikilahok sa talakayan. Ipinakita rin na ang mga nabuong Gawain ay may angkop na estratehiya upang matamo ng guro ang kanilang layunin sa pagtuturo.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Talahanayan 5. Katanggapan ng Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro sa Krayteryang Inobatibo (Innovative)

| INDICATORS | WM | DE |
|---|---|---|
| 1. Nahahasa ang ika-21 siglo na mga kakayahan ng mga mag-aaral gamit ang inobatibong mga gawain sa pagkatuto. | 4.83 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 2. Makabuluhan ang mga gawain kung saan nararanasan ng mga mag-aaral ang aralin | 4.66 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga mag-aaral ay inaasahang mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagkatuto. | 4.66 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 4. Ang mga gawain ay ginagamitan ng makabagong teknolohiya na kung saan ito ay angkop sa paksang tinalakay ng guro. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 5. Nahihikayat ang mga mag-aaral na gumamit ng teknolohiya upang maging malikhain sa pag-iisip at mga gawain. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 6. Binubo ng mga gawain na kung saan ay nagagamit ng mga mag-aaral ang mga recycle na materials ang mga bagay na walang gamit. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 7. Ang mga aktibiti ay humahamon sa mga mag-aaral na masining na pagsasalita at pakikiusap. | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 8. Nagbibigay hamon sa mga mag-aaral na makamit ang layunin ng mga gawain. | 4.33 | Mataas na pagtanggap |
| 9. Ang mga gawain ay bago sa mga mag-aaral kung kaya't ito ay kawili-wili | 4.33 | Mataas na pagtanggap |
| 10. Nakagagamit ng mga makabagong pamamaraan ng gawain na papatok sa panlasa ng mag-aaral. | 4.17 | Mataas na pagtanggap |
| Overall Weighted Averge | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |

Lumabas sa resulta na ang krayteyang Inobatibo ay may overall weighted mean na 4.50 na may descriptive equivalent na lubhang katanggap-tanggap. Patunay ito na ang mga nabuong gawain ay tunay na inobatibo, lumabas na nahahasa nito ang ika-21 siglo na kakayahan ng mga mag-aaral gaya ng kaalaman sa mga makabagong teknolohiya, pagiging malikhain o inobatibo, at humahamon din ito sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat na.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Talahananayan 6. Katanggapan ng Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro sa krayteryang Malikhain (Creative)

| INDICATORS | WM | DE |
|---|---|---|
| 1. Ang mga gawain ay nakatuon sa pagdebelop ng kanilang kakayahan upang maging isang malikhain gamit ang mga inobatibong gawain sa pagtuturo. | 4.5 | Lubhang Katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga gawain ay gumigising sa kawilihan ng mga mag-aaral at humihikayat ng interaksyon sa kanyang paligid. | 4.33 | Mataas na Pagtanggap |
| 3. Ang mga inobatibong gawain ay naaangkop sa panlasa ng mga mag-aaral. | 4.33 | Mataas na Pagtanggap |
| 4. Malikhain ang mga gawain na siyang naglilinang sa kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. | 4.33 | Mataas na Pagtanggap |
| 5. Gumamit lamang ng makabagong kagamitan sa mga gawain. | 4.16 | Mataas na Pagtanggap |
| 6. Pinahihintulutang gumamit ng cellphone ang mga mag-aaral sa paghahanap ng mga kahulugan na makakatulong sa kanilang talakayan. | 4.16 | Mataas na Pagtanggap |
| 7. Ang mga gawain ay naglalaman ng mga elemento upang mahasa ang pagiging malikhain ng mga mag-aaral. | 4.16 | Mataas na Pagtanggap |
| 8. Nabibigyang pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang mga kakayahan na maging malikhain sa pagsasakatuparan ng mga aktibiti. | 4.0 | Mataas na Pagtanggap |
| 9. Ang inobatibong gawain ay nakatutulong sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kanikanilang talino at talento. | 3.67 | Mataas na Pagtanggap |
| 10. Ang mga gawain ay humihikayat sa mag-aaral ng malikhaing paglinang ng kasanayan sa pagkatuto at kung paano matuto. | 3.5 | Mataas na Pagtanggap |
| Overall Weighted Averge | 4.11 | Mataas na Pagtanggap |

Ang krayteryang malikhain (Creative) ay may overall weighted mean na 4.11 na may descriptive equivalent na mataas na pagtanggap. Ipinakita na mula sa mga gurong respondante, ang mga gawain ay nakatuon sa pagdebelop sa kakayahan ng mga mag-aaral, gumigising rin ito sa kawilihan at humihikayat ng interaksyon . Sa pamamagitan ng mga gawaing nabuo ay nabibigyan nito ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang talento at pagiging malikhain.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Talahanayan 7. Buod ng Katanggapan ng mga Inobatibong Gawain ayon sa mga Guro

| Krayterya | AWM | DE |
|---|---|---|
| 1. Nilalaman | 4.58 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 2. Organisasyon | 4.85 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 3. Kagamitan | 4.42 | Mataas na Pagtanggap |
| 4. Inobatibo | 4.50 | Lubhang katanggap-tanggap |
| 5. Malikhain | 4.11 | Mataas na Pagtanggap |
| Over-all Weighted Mean Average | 4.49 | Mataas na pagtanggap |

Sa kabuoang katanggapan ng mga respondanteng guro sa mga Inobatibong Gawain sa Pagtuturo ng Pananaliksik, lumabas na ito ay may kabuoang 4.49 na weighted mean mula sa limang krayterya at ito ay nangangahulugang mataas na pagtanggap. Ang mga nabuong inobatibong gawain ay nakabatay sa curriculum guide ng asignaturang komunikasyon at pananaliksik sa senior high school. Lumabas sa resulta na ito ay malaking tulong sa mga mag-aaral at mga guro upang magkaroon ng makabuluhang pagtuturo at pagkatuto. Nakatutulong din ito na mailabas ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan at kakayahan na kinakailangan sa ika 21 siglo.

## Kongklusyon

Batay sa resultang nakalap, napag-alaman na ang antas ng katanggapan ng inobatibong gawain sa pagtuturo ng pananaliksik batay sa krayteryang nilalaman o content ay nagtataglay ng mga mga angkop at mga makabagong impomasyong akma sa layunin ng bawat paksa sa asignatura, lumabas din na ang mga nilalaman ay makatutulong na mapalawak at mapaigting ang kaalaman ng mga mag-aaral. Sa kategoryang organisasyon, nakatuon na ang mga gawain ay nakahanay sa lohikal na pagkakaayos, ang mga mga gawain ay madaling masundan ng mga mag-aaral. Sa kategoryang kagamitan o usefulness, lumalabas na ito ay nakapokus sa panghihikayat sa mga mag-aaral at napupukaw ang kanilang interes, angkop rin ang mga gawain para sa lebel ng mga mag-aaral. . Mula sa resulta, lumabas na ang antas ng katanggapan ng inobatibong gawain sa pagtuturo ng pananaliksik batay sa krayteryang inobatibo ay mahalagang ang mga gawain ay kinakailangang nakaangkla sa panlasa at interes ng mga mag-aaral upang mas lalo nilang maunawaan at madali para sa kanila na gawin ang mga ito. Nakita naman sa kategoryang malikhain na mahalagang madebelop ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawain nalilinang sa kanilang mga interes at kakayahan, ang pagiging inobatibo at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo ang isang mabisang paraan upang magkaroon ng makabuluhang pagkatuto at maikintal sa isipan ng mga mag-aaral ang mga kaalaman. Sa kabuoan, ang mga

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 3, ISSN: 2782-893X

inobatibong Gawain ay humahamon sa kakayahan ng mga mag-aaral upang mapaunlad pa ang mga ito at makasabay sila sa kakayahang hamon ng ika-21 siglo.

## Mga Reperensya/Sanggunian

Baronda, AJ. C. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino. JFS Publishing Services

Batnag, et. al. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Rex Printing Company, Inc.

Balaba, M. F. (2013). Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor na Gurosa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino.

Belvez, P. M. (2005). Ang Sining at Agham ng Pagtuturo. Rex Printing Company, Inc.

Jocson, M. O. (2016). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Vibal Group Inc,.

Mingarine et. al. (2019). Filipino sa Iba't Ibang Disiplina Daluyan ng Mapanlikhang Kaisipan

Mingarine et. al. (2019). Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino (Dulog Outcome Based)

Salvador et al. (2009). Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. AIMS Publication.

Fernandez, E. S. (2014). Daily Adventures. [Ebook]. http://centuryIdeas.blogspot.com/index.php/2014/06/03/ernani- Fernandez/html

Fernandez, F. M. & Lim, L. F. (2013). Pag-unawa sa Suliranin ng mga Di-Medyor Na Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. Retrieved from http://www.academic.edu/4437797/introduksyon/html

Hicana, MF. G. (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. Retrieved from https://www.researchgate.suri_sa_Persepsyon_at_Aktwal_na_Kahusayang_Pampagtuturo_ng_Guro

Galgo, J. J. (2011). Kolaboratibong pagkatuto Kaugnay sa Akademiko at Ugnayang Sosyal ng mga Mag-aaral. Retrieved from http://www/academic.edu/24832046/

Guerrero, P. A. (2014). Ang Tradisyunal at Modernong Paraan ng Pagtuturo. https://tradisyunal-at-modernong-pagtuturo.blogspot.com/

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Gannaban, M. A.(2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. Vol. 3 No. 1. 2012-15

Yco, A. B. (2019). Ang Mundo ng edukasyon sa Ika-21 Siglo. Retrieved from https://www.pressreader.com/search?query=kagamitang%20pampagtuturolanguages=en &groupBy=Language&hideSimilar=0type=1state=

San Juan, D. M. (2012). Mga Tanong at Sagot Hinggil sa kto12 Program ng gobyerno ng Pilipinas. Retrieved from https://www.philippinebasicEducation.us/2012/05/k-to-12-program-ng-gobyerno-ng.html

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved